


Ang handa-nang-ipakain na pormula ay ligtas sa mikrobyo at ang pinakaligtas na pormula. Para sa impormasyon sa paggawa ng isang may kaalamang desisyon tungkol sa kung paano pakakainin ang iyong sanggol makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o pampublikong nars ng kalusugan. Tingnan ang Pilyego ng Tip #1 para sa mahahalagang katotohanan.



1 Hugasan ang mga kamay at kawnter na may sabon at tubig.

Ihanda ang lahat ng iyong na-disimpektang kagamitan ng pagpapakain (Tingnan ang Pilyego ng Tip #2).



2 Hugasan ang ibabaw ng lata o lalagyang plastik ng pormula gamit ang mainit na tubig at sabon.


Tingnan ang petsa ng paglipas sa lata.

Kaluging mabuti ang lata at buksan gamit ang isang isterilisadong abrelata.



3 Ibuhos ang pormula nang direkta sa isang malinis at isterilisadong bote.

Huwag magdagdag ng tubig sa handa-nang-ipakain na pormula.



4 Damutin ang utong, takip, at singsing gamit ang isterilisadong mga pang-sipit at ilagay sa bote.




5 Higpitan ang singsing gamit ang iyong mga kamay.



6 Pakainin ang iyong sanggol bilang tugon sa mga pahiwatig sa pagpapakain ng sanggol (tingnan ang Pilyego ng Tip #6).

Itapon ang pormula na hindi iniinom ng iyong sanggol pagkatapos ng 2 oras.



7 Pinakaligtas na maghanda ng isang sariwang bote bawa't beses na iyong pakakainin ang iyong sanggol at agad itong pakainin. Kung mahigit sa isang bote ang inihanda, ilagay sila sa reridayerytor at gamitin sa loob ng 24 na oras.

Ang mga bukas na lata ng likidong pormula ng sanggol ay dapat na takpan, ilagay sa reridayerytor kaagad at maaaring itago ng hanggang 48 oras sa reridayerytor.



Para sa impormasyon tungkol sa kung paano at kailan pakakainin ang iyong sanggol tingnan ang:

- Mga pahina 16-20 sa libritong **Pormula ng Sanggol: Anong Kailangan Mong Malaman.**
- **Mga Pilyego ng Tip #6.**
- **Ang pormula ng sanggol ay maaaring ipabalik.** Ang impormasyon para sa pagpapabalik ay matatagpuan sa website ng Health Canada sa www.healthy Canadians.gc.ca/recall-alert-rappel-avis/index-eng.php